# 1

“Cabin crew, disarm slides and cross-check,” mula sa speaker ay narinig ng mga pasahero na command ng piloto. Dali-daling lumapit si Kirsten sa pinto ng A340 na eroplano kung saan siya naka-assign para sa flight na iyon at maingat na ni-disarm iyon.

Ibig sabihin ay puwede na itong buksan ng ground staff sa labas ng eroplano nang hindi nag-i-inflate ang slide na ginagamit lang tuwing may emergency landing.

Kalalapag lang ng flight nila mula sa Amsterdam, Netherlands. Isang taon na ring flight attendant ang dalaga sa isang airline sa Middle East. Pareho silang sa Kuwait nadestino.

“I heard babalik na dito ‘yung mga Chicago-based na crew two months from now. Gusto ko ngang humabol sa pag-apply na ma-base d’un, eh. Ikaw?” tanong ni Aileen na isang Filipina ring flight attendant, habang isinasauli ang mga gamit nito sa small luggage na required silang dalhin tuwing may flight.

"Not interested. Mahirap mag-ipon pag marami kang p'wedeng gawin, unlike dito—bahay, trabaho at konting gala sa mall lang ang paggagamitan mo ng oras." Hindi tulad sa mga kasamahan sa airline, masinop siya sa pera. Sa halip na gumastos sa mga signature bags, shoes at damit, ini-invest niya ang kanyang pera sa special kinds ng time deposits that would yield higher interest rates.

"Good point, kaya lang hindi ko na rin kaya na bahay-trabaho lang ang ginagawa ko for the next two years. Siguro I'll give it a shot para naman makapag-relax din ako kahit pa'no. Saka who knows, makita ko na ang dream guy ko sa America," sabi nito habang kukurap-kurap ang mga mata with matching pouty lips pa.

Para kay Kirsten, sapat nang madalas niyang nakakausap at nakaka-chat ang pamilya niya sa Pilipinas. Sa lagay na iyon ay hindi siya nangungulila sa mga ito.

She shares a two-bedroom flat with a friend na flight attendant din sa airline na pinapasukan niya. Modest ang flat nila, nothing fancy, mga necessities lang ang nandoon. Dalawa ang couch; isang one-seater at isang two-seater, twenty-one-inch television, isang lampshade, dining set, mga

importanteng gamit sa kitchen at basic furnitures sa bedrooms. Magkasundo kasi sila ng kaibigan niyang si Yanina when it comes to spending, gaya niya ay tumutulong din ito sa pamilya sa Pilipinas. Pagdating sa flat, hindi na niya inayos ang kanyang mga gamit bagkus ay binuksan niya kaagad ang laptop at nag-log-on sa *Yahoo Messenger*. Tamang-tama na alas ocho ng gabi pa lang sa Manila at gising pa ang parents niya. Kadalasan ay nakikipag-chat siya sa mga ito pati sa kapatid niya kung may oras pa pagkagaling niya sa flight.

"Hi, brat!" pag-type niya habang suot ang headphone. Simula pa pagkabata ay nakasanayan na niyang tawaging 'brat' ang bunsong kapatid dahil ang buong pamilya niya, including her, dote on her baby brother. Five years ang age gap nila nito.

"Hi, Miss Minchin!" sagot ng kapatid niya. "Kamusta flight, Ate? Kanina ka pa nga namin hinihintay nina Mama na mag-online, eh."

"Okay lang, as usual tiring. Kakarating ko lang sa flat, eh, ang tagal kasi bago nagkaroon ng available na transport."

"Kirsten, si Mama ito. Kumain ka na ba? Kelan ka ba magbabakasyon dito? Nami-miss ka na namin, eh," singit ng kanyang ina. Nangiti siya, hanggang

ngayon kasi ay parang baby pa rin ang turing nito sa kanya kahit na nagtatrabaho na siya at ilang milya ang layo nila.

"Nag-snack lang po ako sa airplane," tugon niya. "Don't worry about me, Ma. Matagal pa po ang bakasyon ko; sayang kasi kung sandali lang ako d'yan. Mag-iipon muna ako ng vacation leave. But I'll be in Manila this month. Hindi pa po ba na-print ni James ang roster ko? Na-send ko na po iyon sa email, eh."

"Hay naku, anak! Alam mo naman 'yang kapatid mo, hindi na siguro naalala. Paano kasi laging abala d'un sa girlfriend niya at kung minsan hatinggabi na kung umuwi."

Napakunot-noo si Kirsten sa tinuran ng ina. Matagal-tagal din silang nagkuwentuhan, pero bago natapos ang usapan nila ay kinausap muna niyang muli ang kapatid. 'Sinabon' would be a more appropriate term. She spent a good thirty minutes sa pagsermon sa nakababatang kapatid,

"O, sige na, brat, maaga pa ang pasok mo tomorrow. Be good, okay? 'Wag mong bigyan ng sakit ng ulo sina Mama at Papa."

Pagkatapos mag-shower ay muli niyang binalikan

ang laptop upang i-check online kung magkano na ang balance niya sa kanyang bank account.

Nadismaya siya dahil nakita niyang hindi pa enough ang savings niya para makauwi siya sa Manila for good. She has been to all the places she wanted to see. She knew how it feels like to be able to fulfill her dreams. Puwede na sana siyang umuwi. Unfortunately, she hasn't saved enough to make sure that her younger brother will be able to finish college nang hindi na magiging burden sa parents niya. Gusto rin niyang makaipon ng sapat na pera upang makapagsimula ng sariling negosyo para hindi na niya kailanganing mamasukan pa pagbalik niya sa Manila.

*Hmm… magbenta na lang kaya ako ng aliw?* natatawang sabi niya sa sarili.

"Ngingiti-ngiti kang mag-isa d'yan, napapraning ka na?" nakapamaywang na untag sa kanya ni Yanina. Hindi niya namalayang kanina pa pala ito nakatayo sa doorway.

Napalingon si Kirsten sa pinanggalingan ng tinig. "Wala lang. Nag-check kasi ako sa bank account ko at nakita kong hindi pa enough savings ko. Naisip ko tuloy, magbenta na lang kaya ako ng aliw?" pabirong sabi niya at humagalpak ng tawa.

"Ikaw naman kasi, eh. I admire you for having a plan and sticking with it, pero naman, try to enjoy yourself minsan. Kaya ka nagmamadaling umuwi ng 'Pinas, eh, kasi you don't pamper yourself, siyempre nagpapapagod ka sa trabaho. It would feel good kung nakikita mo at nahahawakan mo ang pinagpaguran mo, hindi 'yung nakikita mo lang na numbers d'yan sa screen ng computer mo, 'noh!" pangaral nito.

Hindi tulad ni Kirsten, sinisiguro ni Yanina na fifteen percent ng earnings nito ay ginagastos nito para sa sarili, hindi lang pulos savings at padala sa pamilya napupunta.

Sinaluduhan niya ang flatmate at sinabing, "Ma'am, yes, ma'am! What's for dinner nga pala?" Pinatay na niya ang laptop at tumayo. Nagtungo siya sa kitchen habang nakabuntot ito sa kanya.

"Hello! Alas cinco pa lang kaya, dinner ka d'yan! Ewan ko ba kung saan mo nilalagay ang kinakain mo. Napaka-unfair talaga ng buhay! Ako itong pigil na pigil sa pagkain dahil nasasabihan pa ng supervisor ko na I'm gaining weight daw 'tapos ikaw naman sexy pa rin kahit na twenty-four hours a day seven times a week ka yatang kain nang kain," exasperated na pahayag nito. Slim ang figure niya samantalang ito ay hindi naman maituturing na

mataba ang sarili. Yanina herself looked attractive in her own way.

"Huy, hindi naman ako ganoon kalakas kumain. And besides, alam mo naman na lagi rin ako nagwo-workout kahit nasa outstation pa, 'noh!" pagtatanggol niya sa sarili. "Anyway, ako na lang ang magluluto. Tinatamad ka lang 'ata, eh, dami mo pang sinabi diyan," nakangiting turan ni Kirsten habang iniimbentaryo ang laman ng refrigerator nila. Nang humarap siya sa kaibigan ay nakita niya ang malaking ngiti na gumuhit sa mga labi nito.

"I HAD A GREAT TIME," sabi ng blue-eyed European na babaeng may blond na buhok at mahahabang legs habang tinitingnan ang lalaki na nagbibihis.

"Me too," tugon ni Ashton habang inaayos ang necktie niya.

"Too bad you're leaving. Why can't you just ask for an extension the way I did? Why do you want to go back? There isn't much to do there, unlike here where we can do a lot of things. And besides, aren't you gonna miss me?" paglalambing nito.

Ngiti lang ang itinugon niya. Wala na siyang

planong mag-extend ng pagkakabase niya sa Chicago. *I like you, but not enough to make me want to stay*, sabi niya sa sarili. He had fun while it lasted.

"Don't worry, I'm sure you'll find someone else when I leave. Thanks again for everything. I guess I'll see you when you come back. Friends?" Inilahad ni Ashton ang kanyang kamay at dahil liberated ang babae, she doesn't mind na ni hindi na siya nag-exert ng effort na pahabain pa ang relasyon nila.

"Yes, of course. I'll miss you." The girl even gave him a peck on the cheek.

Hindi rin maintindihan ng binata ang sarili kung bakit gusto pa niya ulit na ma-base sa Middle East, sa Kuwait. Kung tutuusin ay mas magaan na ang buhay rito. Isa siyang flight steward. Three times a week lang ang flight niya at hindi limitado ang kanyang galaw. He could go out on dates as often as he liked and he got to meet a lot of interesting women na okay lang na walang commitment.

"Sure ka na ba d'yan, pare?" ani Eric na ka-share niya sa apartment.

"Oo, pare. Masyado na rin nakakabato ang pagtambay natin dito. I think I need some action. Believe it or not, nami-miss ko na rin ang sunod-

sunod na flights."

Napataas ang kilay ng kaibigan. "Owz? For sure, babae lang ang dahilan ng pagmamadali mong bumalik d'un!"

Ngumisi lang siya at itinuloy ang pag-eempake.

Kinabukasan ay inihatid siya ni Eric sa *Chicago O'Hare International Airport*. Matapos ang gawin ang mga dapat gawin ng isang passenger, nagtungo na siya sa boarding gate.

Halatang-halata ni Ashton na siya ay pinagtitinginan ng mga miyembro ng cabin crew na sa pakiwari niya ay bago pa lang sa airline at ikinataba naman iyon ng kanyang puso. Sanay na siya sa attention na ibinibigay sa kanya lalo na ng kababaihan of all ages. A lot of people find him attractive that's why whenever he sees a woman that he likes, he never had a problem getting that woman's attention.

Nang pinatay na ang ilaw sa 'Fasten Seat Belt' sign ay nagpalit na siya ng damit; isang pares ng khaki slacks at button-down black linen polo shirt ang ipinalit niya sa uniform. Paglabas niya sa washroom ay nadaanan niya ang galley; ito ay parang maliit na kitchen sa eroplano kung saan iniinit ang mga

pagkain na ise-serve sa mga pasahero.

Isang flight attendant ang nakakita sa kanya. Tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa at nginitian. Ang babae ay isa sa cabin crew na nakita niya habang nagbo-board siya ng eroplano. “Hi, I’m Samira. If you need anything, don’t hesitate to tell me, okay?” sabi ng Lebanese na stewardess na sa tantya niya ay hindi hihigit ng twenty-four years old.

*Hmm… it looks like I haven’t lost my charm,* nasabi niya sa sarili. “Samira, yeah, that’s what it says on your nameplate. Don’t worry, I’ll come running to you if I need anything.” Kinindatan niya ang babae na abot hanggang tainga ang ngiti.

Minabuti niyang magbasa ng libro mula sa kanyang digital reader. Ito ay isa sa mga high-tech na gamit niya, manipis lamang ito at halos kasing-laki lang ng bond paper na hinati sa gitna, puwedeng mag-store ng kung ilang libro rito in digital format.

Pagdating kasi sa electronics at latest gadgets, willing gumastos si Ashton kaya kadalasan ay wala siyang itinatabi para sa savings niya.

“KUMUSTA NA DITO, PARE? Tiring pa rin ba ang roster na binibigay pag based dito?” tanong niya kay

Edcel na makakasama niya sa flat. Kumakain sila ng lamb shawarma na binili nila sa tabi ng building na tinitirhan nila.

Napasimangot ang kaibigan. "Oo, pare, 'kakapagod nga, eh, saka ang dalas na nagugulo ang roster namin. Paano kasi pag airport standby ang duty mo, kadalasan napu-pull ka kaagad for a flight 'tapos ang bad trip pa doon ay nawawala ang Manila flight." Ang tinutukoy nitong roster ay ang monthly schedule na ibinibigay sa cabin crew ng eroplano, nakasulat na roon ang flights nila for one month.

"Gan'un ba? Hindi na yata talaga mababago ang ganyang system, ang dami rin kasing nagre-resign. 'Nga pala, kayo pa rin ba ni Cherry?" pag-uusisa niya nang maalala ang girlfriend nito na Pinay rin.

"Wala na kami three months ago lang. Nag-a-adjust pa 'ko, eh, ang hirap pag nakakasama ko siya sa flight. Nagkakailangan kami, pati nga ibang crew ay parang hindi alam kung saan lulugar."

"I tried to warn you noon, pare, kaya nga I don't date Filipina flight stewardesses. I can imagine how hard it would be pag hindi naging happy ending ang relationship."

PAGDATING SA BRIEFING ROOM kung saan pumipirma ang mga stewards at stewardesses sa animo isang attendance sheet ay kapansin-pansin si Ashton habang napalingon naman sa kanya ang ibang mga taong nasa paligid. Sa Cairo, Egypt ang flight na nasa roster niya ngayon. Pagkatapos pumirma ay naglakad na siya papunta sa isa sa mga couches na makikita sa briefing room para maupuan ng mga crew habang hinihintay ang mga makakasama nila sa flight at para rin sa mga airport standby na attendants na ginagawang pamalit sa mga miyembro ng crew na hindi makakapasok sa araw na iyon.

Abala si Kirsten sa pagsasagot ng crossword puzzle habang hinihintay na matapos ang duty niya bilang airport standby.

Inikut-ikot niya ang kanyang ulo dahil sa ngawit. Sa ginawa, nakita niya ang lalaking naglalakad, papunta sa kabilang couch. Tall, dark and handsome ang naging first impression niya rito. Hindi bababa sa 6’2” sa tantya niya ang height nito. He was not exactly dark, tan ito na parang galing beach, matangos ang ilong, well-built at very neat ang maiksing buhok nitong nahati sa gilid. Hindi niya masabi kung maganda ang mga mata nito dahil hindi pa rin ito nagtatanggal ng shades. He has thin

lips na tama lang ang laki.

Muli niyang ibinaling ang atensyon sa crossword puzzle.

"Miss Kirsten Umali, please approach briefing counter immediately, thank you."

Napangiwi ang dalaga nang marinig ang pangalan, isang oras na lang dapat ay puwede na siyang umuwi. Dahil tinawag siya ay nagkukukot ang kalooban niya. Nasisiguro niyang apektado ang Manila flight niya.

# 2

Ngayon lang nakita ni Ashton ang isang miyembro ng cabin crew na makakatrabaho niya sa right side ng eroplano. Maganda ito kumpara sa ibang Pilipinang stewardesses na nakatrabaho na niya bago siya nagpa-base sa Chicago. Black hair in a conservative chignon, maganda ang mga mata with long curly lashes, cute ang ilong at small full lips. Sa tingin niya ay 5'7" ang height nito at judging from her lean figure ay masasabi niyang madalas mag-workout ang babae, pero hindi ito katulad ng famous singer na si Madonna na parang lalaki na ang built ng katawan dahil kabubuhat ng weights. Kung wala lang siyang rule na sinusunod about dating Filipina flight attendants, siguro ay pinormahan na niya ito.

Tinulungan niya ang babae na ibalik sa lalagyan ang dry store, parang kahon na yari sa bakal kung saan inilalagay ang mga kung anu-anong gamit na kailangan sa flight.

"I haven't seen you around before," pag-uumpisa ni Ashton ng usapan. "How long have you been flying?" tanong niya.

"I haven't seen you around, either. Over a year

pa lang ako lumilipad. Nakakaasar nga, eh, kasi may Manila flight pa naman sana ako bukas 'tapos dahil napasabak ako dito sa Cairo flight na ito ay hindi ako makakauwi sa Pilipinas," pagsusumbong ni Kirsten sa estranghero na nag-iisang kasama niyang Filipino sa flight na iyon patungong Egypt. Mas magandang lalaki pala ito sa malapitan, mukhang mabait din.

"I know. It sucks, huh?" he said sympathetically. "Balita ko pa mas dumadalang ang Manila flight na nabibigay sa atin. By the way, I'm Ashton," he said while offering her his hand.

"Kirsten," sabi nito habang inaayos ang headsets na ibibigay mamaya sa mga pasahero sa side nito matapos ang boarding. She hesitated a few seconds before she took Ashton's outstretched hand.

He sensed her hesitation kaya naisip niya tuloy na suplada ito. Pero nang iabot ni Kirsten ang kamay nito sa kanya, napansin niyang malambot ang kamay nito pero napaka-firm ng handshake.

Working with each other had become harmonious, palibhasa ay pareho silang masipag at hindi na sila nangangapa pagdating sa sequence ng service. Nauna pa ngang natapos sa pagse-serve ng pagkain sa mga pasahero ang side nila kaysa sa mga ibang lahing crew sa left side.

Pagkatapos gawin ni Kirsten ang trabaho niya ay tumulong din siya kay Ashton sa pagliligpit ng mga ginamit nilang bagay sa galley. Bumilib din siya sa lalaki dahil organized at hindi pabara-bara lang ang trabaho nito. Sinisiguro nito na isinasauli nito sa tamang lalagyan ang mga gamit at malinis ito bago ilagay sa dry store. He neatly folded the used linen napkins na ginamit nila sa food service, bagay na hindi niya nakikita sa ibang mga lalaking crew na nakakatrabaho niya kahit pa ito ay Filipino rin.

Siya naman ay tinulungan din nito sa iba pa niyang gawain. “I’ll answer your calls for you, pahinga ka muna. Have something to eat.” May button kasi ang bawat upuan at ito ay pinipindot ng mga pasahero kung sakaling may gustong hilingin ang mga ito mula sa cabin crew, nagkakaroon ng ilaw ang number ng upuan nila para malaman ng crew kung sino ang pupuntahang pasahero.

Sa buong flight mula Cairo ay inobserbahan ni Ashton ang babaeng katabi niya sa jumpseat kung saan umuupo ang flight attendants bago ang take-off at landing. Hindi pala ito suplada katulad ng nauna niyang naisip; cautious lang siguro lalo na’t hindi naman siya kilala nito. Ang sarap pakinggan ng tinig nito, masipag tulad ng trademark ng mga Filipina pagdating sa trabaho. At kahit na masama

ang loob nito sa pagkakasama sa flight na hindi naman nito schedule ay maayos nitong ginawa ang sariling trabaho. Nakakaengganyong magtrabaho sa tuwing nakikita niya ang ngiti nito.

“Thanks for helping me out, ha? At least, bearable ang flight. Ang hirap kasi pag na-pull ka na lang sa flight ‘tapos tamad pa ang mga katrabaho mo,” nakangiting sabi ni Kirsten sa binata habang nagta-taxi ang eroplano sa runway.

*Ang bango ng buhok*, obserba ni Ashton nang humarap siya sa katabi para ngitian din ito bilang pag-acknowledge sa pasasalamat nito.

“No problem. I guess I’ll be seeing you around. 777 at 340 rin ba ang eroplanong nililipad mo?”

“Yup, mostly night stops.”

Ikinatuwa niya ang narinig.

Pagkatapos ng bawat flight ay bumabalik pa ang cabin crew sa briefing room at mula roon ay susunduin sila ng transport na maghahatid sa kani-kanilang mga bahay. Dito ay nag-abot pa sina Yanina at Kirsten dahil halos pareho lang ang dating ng flights nila.

“Malas mo naman, girl! Na-pull ka pa sa Cairo.

Kumusta ang flight?" tanong nito habang binebeso-beso ang kaibigan. Common practice between friends sa Middle East ang pagbebeso-beso ng magkabilang pisngi.

"Okay naman, buti nga kalipad ko 'yung Pinoy na kababalik lang galing Chicago base. Masipag saka helpful kaya magaan ang flight kahit naiinis pa rin ako sa pagkawala ng Manila flight ko bukas," pagkukuwento niya.

"Sino, iyon?" tanong nito habang inginunguso si Ashton.

"Yeah, that's the one." Tinanguan ni Kirsten ang lalaki nang magkatagpo ang kanilang mga tingin.

Pagdating sa transport ay ni-relay kaagad ni Yanina ang mga tsismis na narinig tungkol sa kalipad ng kaibigan.

"Hay naku, girl! Regarding that guy na kalipad mo kanina, may chika ako sa 'yo. May reputation pala iyan! Playboy daw saka walang relationship na tumagal nang more than four months. Pero take note kahit ganoon kaikli lang ang relationship, he gets what most men want out of a relationship, if you know what I mean?" makahulugang pagtataas ng kilay nito.

"Apparently ay madalas mong makakalipad iyan dahil pareho pala kayo ng aircraft types. Mag-iingat ka d'yan, baka makasali ka sa listahan ng mga babae niya. Although, s'abi nila he doesn't date Filipina crew," pagpapatuloy nito.

Napatawa si Kirsten. "Grabe talaga, ang bilis ng balita sa mga crew. I won't go to bed with him if that's what bothers you, Yani. Wala akong planong mag-boyfriend dito. Besides, s'abi mo naman he only dates foreigners so there's nothing to worry about, is there?" she said dismissively na para bang walang sense ang mga ipinag-aalala ng kaibigan.

Samantala, habang nasa biyahe pauwi ng tinutuluyan niya si Ashton, naging laman ng isip niya si Kirsten. He couldn't deny that he's somewhat attracted to her. He looked forward to seeing her again. He intends to find out everything there is to know about the girl. Curious lang siya, pagkukumbinsi niya sa sarili, it didn't mean na may intention siyang makarelasyon ito. He had never broken his rule, and he never would.

# 3

Nagmamadaling pumasok si Ashton sa silid kung saan nagmi-meeting muna ang mga crew members ng isang flight bago sila pumunta sa eroplano. Late na siya sinundo ng transport kaya naman pagpasok niya sa silid ay nakapagsimula na ang briefing.

Nginitian siya ng isang pamilyar na mukha, much to his delight. *Don't get too excited baka malimutan mo ang rule mo*, he warned himself.

Natuwa si Kirsten nang makita niyang pumasok sa silid si Ashton. Nalaman niya kasi noong pumirma siya sa attendance sheet na pulos lalaki na iba ang lahi ang makakatrabaho niya sa economy class liban kay Ashton at ang Pinay na sa first class ang designation. Naaalala pa niya kung gaano kahusay magtrabaho ang binata, kailangan niya ang mga ganitong katrabaho sa seven hours na flight patungong London. Most of the time ay demanding ang mga pasahero sa ganitong flight.

Ipinamigay na ng pinuno ng flight nila ang mga positions kung saan sila magtatrabaho sa eroplano.

"Anong side ka?" tanong ni Ashton.

“R4A” tugon niya, ibig sabihin niyon ay sa kanang side ng eroplano at sa galley specifically ang kanyang trabaho.

Hinanap ng binata ang crew member na nakakuha ng R4 na position at nakipagpalit siya rito para maging katabi niya sa jumpseat si Kirsten at makatrabaho rin niya sa side na iyon.

During the flight ay madalas niyang tulungan ang babae. Gaya ng first time na nagkasama sila sa isang lipad ay naging smooth ang service dahil sa pagiging organized nilang dalawa kahit ang R3 na nagtatrabaho sa unang bahagi ng economy class sa side nila ay masipag din. Pagkatapos ng service ay nagkumpulan na ang crew sa galley.

“Ano gusto mo, Kirsten? Chicken o beef?” tanong ni Ashton habang kumukuha ng meal sa oven.

“Chicken na lang. Thanks.” Napatingin sa gawi nila ang isang Egyptian crew member nang iabot ni Ashton sa babae ang tray na naglalaman ng kompletong meal.

“Hey, man, what about me? Don’t you think I’m pretty enough to be given attention?” tanong nito sa kanya while batting his eyelashes.

Nagkatawanan tuloy ang mga kasamahan nila.

Sinakyan ni Ashton ang biro nito, "I'm sorry, sweetie, but only Kirsten has captured my heart." Inakbayan pa niya ang dalaga habang sinasabi iyon.

Nginitian lang ni Kirsten ang mga katrabaho bago siya siniko sa tagiliran. "Ikaw talaga, pinatulan mo pa 'yang mga iyan. Mamaya iisipin pa nilang totoo."

"Why not? Maganda ka naman talaga at attractive, ayaw mo ba n'un? Pag naging tayo, we'll request na lagi tayong magkalipad sa flight para maalagaan kita and I'll be at your beck and call."

Namula ang mukha ng dalaga sa narinig. *Is this guy flirting with me? Lakas din ng trip nito, ah! Mukhang tama 'ata ang sinabi ni Yanina, 'kala ko pa naman mabait.* "Uy, walang ganyanan, ha!"

Natigilan si Ashton. *What is wrong with you? Are you actually flirting with this girl?* galit na tanong niya sa sarili. Dapat na niyang tigilan ang mga ganitong biro dahil kilala niya ang sarili; nagkakagusto na siya kay Kirsten!

"You can't blame the guy, you know, she's really pretty," anang isang Lebanese attendant na halata sa pangangatawan na laging nasa gym during his spare time. Nakalipad na ito ni Kirsten dati, sa katunayan

ay hinihingi nito ang phone number niya. Pero tulad ng ginagawa niya sa mga pumoporma sa kanya, tumanggi siyang ibigay iyon.

Ginaya ng kasamahan nilang Pakistani ang isang famous announcer ng boxing, "Well, it seems like we have a contender! So who will win your heart, Miss Umali? Mr. Muscle Man on my right? Or Mr. Sexy Guy on my left?"

"Oh, you guys, will you stop it! You're making so much noise. If the chief comes here and sees us, we'll be in big trouble!" she said while playfully punching the Pakistani crew on the arm.

Natigil ang biruan nila nang may narinig silang chime sa cabin. Sinilip ni Kirsten ang panel at nakitang ang pasahero sa front row ng economy class ang pumindot ng call button.  Kahit hindi siya ang naka-assign para sa zone na iyon ay pinuntahan niya ang pasahero para na rin maputol na ang tuksuhan ng mga crew. She was just happy to have an excuse para makaalis sa galley.

Pagbalik niya sa jumpseat ay inabot niya ang latch na magbubukas ng compartment sa ceiling ng aircraft kung saan nakalagay ang baby cot na hinihingi ng pasaherong pinuntahan niya. Patong-patong ang mga baby cots sa lagayan na iyon;

kung hindi maayos ang pagkakalagay ng crew na naunang lumipad kaysa sa kanila ay posibleng mahulog sa ulo ang isa sa mga iyon. Pagbukas niya sa compartment ay muntik nang tumama sa kanya ang isa sa mga baby cots. Mabuti na lang at nasalo kaagad ni Ashton iyon. Nakatayo lang ito sa gilid ni Kirsten at pinagmamasdan siya nito habang inaabot niya ang latch para sa lagayan ng mga cots.

"You could always ask for help, you know. Buti na lang nasalo ko kaagad ito, kung hindi ay bukol ang aabutin mo," anito habang iniaabot ang baby cot sa dalaga.

Kinuha niya iyon mula sa binata and she looked at him gratefully. "That was close! Thanks a lot! Nasanay kasi ako na gawin ang lahat ng bagay by myself, eh. Hindi bale, next time I'll keep in mind to ask you for help."

Tapos na silang mag-serve ng refreshments, forty-five minutes na lang ang hihintayin nila bago sila mag-land sa *Heathrow International Airport*. Hapon pa kinabukasan ang alis nila sa London pabalik ng Middle East. Nag-uusap na ang cabin crew kung saan sila maglilibot pagdating sa London. Napagkasunduan ng majority sa mga ito na sa Hounslow pumunta kung saan may mga stores. Dito

nagpupunta ang karamihan sa mga flight attendants upang mamili ng kung anu-ano.

“Sama ka sa amin later, ha? Mga five pa naman kami aalis, that should leave you plenty of time para makapag-prepare,” pag-aya sa kanya ni Ashton.

Hindi siya kaagad nakasagot, naisip niya na pulos lalaki ang mga makakasama niya kahit sabihin pa na Filipino naman ang isa. She just feels uneasy na pulos lalaki ang kasama niya although harmless naman ang mga ito. Isa pa, mapapagastos lang siya roon pag nakita niya na maraming sale na damit.

Nahalata ni Ashton ang hesitation sa mukha ng dalaga. Lihim itong umaasa na sana ay sumama siya sa kanila.

“Hindi na, kayo na lang. For sure, mas enjoy kayo pag kayo-kayo na lang and besides, tinatamad na rin akong lumabas, eh.”

Ang mga crew ay may hiwalay na daanan palabas ng airport, sila ay required na gamitin ang hagdanan sa tabi ng gate kung saan nakahimpil ang eroplano nila. Nag-volunteer si Ashton na dalhin ang small luggage ni Kirsten para sa kanya.

Pagsakay sa bus ay nakipag-unahan pa siya na parang bata na maupo sa tabi ng dalaga. Dahil doon

ay muli tuloy silang tinukso, “You know, Kirsten, it looks like Ashton has it really bad for you. I’ve never seen any crew carry somebody else’s luggage before,” nakangising sabi ng Pakistani.

Napag-isip siya sa tinuran ng lalaki dahil na-realize niya na sa lahat ng babaeng pinormahan niya ay hindi niya nga nagawa ang ganitong bagay. Alam kasi niya na sanay naman ang mga crew na dalhin ang sarili nilang gamit kahit pa sabihing aakyat o bababa ng hagdanan. Kahit siya ay nalilito sa mga ikinikilos niya, he decided not to think too much about it.

“Sige na, sama ka na!” pangungulit niya sa katabi.

“Hindi ka rin makulit, ‘no! Tinatamad nga akong lumabas. Hindi ba kayo napagod sa flight at may energy pa kayong maggala?” May napansin ito sa kamay niya. “Ang laki naman ng ring mo! Hindi ka kaya maputulan ng daliri niyan?” anito habang tinititigan ang singsing niyang may jade na bato.

“Lucky charm ko ‘yan, bigay ng mommy ko sa ’kin.” Hinubad niya ang singsing at isinuot iyon sa daliri ni Kirsten, “Will you marry me?” he asked while smiling mischievously.

Muling nagkatuwaan ang mga kasama nila dahil sa kalokohan ni Ashton.

“Huy, Ash! Tigilan mo nga siya,” sabad ng Pilipinang stewardess na sa first class naka-assign. Tumingin ito sa dalaga. “Si Kirsten, may reputation ‘yan. Heartbreaker ‘yan ng lahat ng crew,” babala nito.

“We’re a perfect match then! Ako, heartthrob ng crew.  We’ll all see who wins, the heartbreaker or the heartthrob,” pabirong sagot ng binata.

“Umayos ka nga diyan. Puro ka biro, eh. Pagbalik natin, for sure, puro chismis na ang aabutin ko dahil sa kalokohan mo,” saway ni Kirsten habang isinasauli sa katabi ang singsing nito.

Ten minutes lang ang biyahe mula airport hanggang sa tutuluyang hotel, mayamaya pa ay nasa lobby na sila. Isa itong four-star hotel. Dumerecho na si Kirsten sa crew lounge. Isang room good enough for ten people, mayroon itong several black leather upholstered single seats, sa gitna ng silid ay may glass table top kung saan nakalagay ang iba’t ibang magazine, may coffee vending machine, at flat screen TV. The hotel allotted this room for the comfort of airline crews employed by various international airlines. Wala pang isang minuto

siyang nakakaupo nang pumasok doon si Ashton at dumerecho sa vending machine.

She stole a surreptitious glance at the man. Ang guwapo talaga nito, charming at gentleman pa; the only problem was he's a real flirt. Hindi ito ang unang pagkakataon niya na mabigyan ng attention ng isang attractive na lalaki, kakaiba lamang si Ashton. Ang ibang kasamahan niyang lalaki na nagkagusto sa kanya ay masyadong forthright. They simply ask her if she would like to go out with them on a date or if she'd be willing to have them for a boyfriend. Ashton, on the other hand, acts as though he's really interested pero parang lagi lang itong nagbibiro. Ano kaya ang intention nito sa kanya?

Nangako siya sa sarili na hindi siya makikipag-boyfriend habang nasa Middle East siya. The sooner Ashton makes his intention clear the sooner she could tell him that she prefers not to engage in any relationship at this time. Kung sirain man niya ang pangako sa sarili, it wouldn't be because of a flirt like Ashton who was notorious with women to boot!

"I hate to interrupt the serious conversation you're having with yourself, but would you like to have a mocha? I made one for myself, sa 'yo na lang ito." sabi ni Ashton habang ino-offer sa kanya ang

disposable cup ng inumin.

"Ah, m-mocha?" she stammered while she flushed with embarrassment dahil sa mga iniisip niya. She slowly took the cup from his hand.

"What were you thinking of, anyway? Siguro ako iniisip mo, hmm? Whatever or whoever it is, I hope it's not me kasi parang iritang-irita ka," anito habang nakatalikod sa kanya at inihahanda ang pangalawang cup ng mocha. Mabuti na lang at abala ito sa ginagawa dahil namula na naman ang kanyang pisngi sa kahihiyan. Was this guy reading her mind or what?

"Hindi ka rin mayabang, ano! Paano mo nasigurong ikaw nga ang naiisip ko?" iritableng tanong niya.

Ikinagulat nito ang tono ng pananalita ng dalaga. He held up his hands and looked at her, "Hey, I didn't mean to offend you, okay? You looked upset a while ago and judging from the look on your face, I can see I made you even more upset. I'm just trying to make you laugh."

She smiled at him guiltily. "I'm sorry, I don't know what came over me. Forget my outburst will you? Baka nagme-menopause na 'ko," natatawang

sabi niya. A warm smile from Ashton was her reward. Hindi niya maiwasang mapansin ang pantay-pantay na mapuputing ngipin nito at ang cute tingnan ng dimple nito sa kaliwang pisngi. His smile and his eyes which held her gaze longer than necessary made her pulse race. Kinailangan niyang mag-exert ng effort para alisin ang mga mata sa pagkakatitig sa binata.

"Pa'no ka naman nakagawa ng mocha? Wala naman 'yun sa choices d'yan, ah," aniya na tumingin sa tasang hawak niya.

He raised an eyebrow and smugly told her, "Ingenious kasi ako. May hot chocolate dito 'tapos may espresso pa, mix them together and you got yourself a mocha!"

"Ang yabang nito! Para mocha lang, eh, 'kala mo naman kung ano na na-discover niya!" she retorted. She took a sip of the mocha which actually tastes good. "Hmm.... this is good stuff. Dapat sa 'yo sa *Starbucks* na lang magtrabaho, 'wag na sa airline."

"Nah, kung gan'on ang ginawa ko, hindi kita makikilala," anito.

Magsasalita na sana siya nang sumilip ang isang kasamahan nila. "Guys, our allowances and keys are

ready."

Sinunggaban ni Kirsten ang pagkakataon para makalayo kay Ashton, nagmamadali siyang tumayo at kinuha ang handbag niya at sinabing, "Thanks for the mocha, I got to go." Ni hindi na siya sumulyap man lamang sa lalaki bago umalis.

Nagsalubong ang mga kilay ni Ashton sa gulat dahil hindi nito inaasahan ang reaction na iyon mula sa dalaga. *May nasabi ba akong masama? Bakit gan'un reaction ni Kirsten? Women!* napapailing na kausap nito sa sarili. One minute galit, the next minute making jokes about themselves, drinking coffee with him and what do you know, the next minute she's running away from him as if he's a lunatic or something.

Pagkakuha ni Kirsten ng kanyang room key at allowance ay iniwan muna niya ang luggage niya sa crew lounge at dali-daling nagtungo sa mini mart na walking distance lang from the hotel.

Habang naglalakad siya sa sidewalk ay may tumawag sa kanya. "Kirsten! Wait up!" humahangos na sigaw ni Ashton.

"Ikaw ba ang aking konsyensya? O anino? Lagi kang nakabuntot sa akin!" nakangiting sabi niya

nang makalapit ito. Inayos niya ang pagkakabalabal ng shawl sa kanyang leeg, ten degrees lang kasi ang temperatura at mahangin din nang mga sandaling iyon.

"Ang bilis mo namang maglakad!  Sa mini mart ka ba pupunta? Ano'ng bibilhin mo? Bakit ka ba nagmamadali?" parang reporter na tanong nito.

"Yup, bibili ako ng phone card; hinihintay na kasi ng parents ko ang tawag ko, eh. Bilisan mo naman kasi maglakad. Doon ka rin ba pupunta? Ano ba bibilhin mo?"

"Beer! Ang ginaw kasi," tugon ng binata. Nakagawian na nito na pagkatapos ng mahabang biyahe ay umiinom ito ng beer para mag-relax.

Napataas ang kilay niya. "Ang ganda naman ng excuse mo! Bakit hindi hot water na lang inumin mo? Maginaw pala, eh. Saka ano ka ba, dehydrated na nga tayo sa eroplano, beer pa ang iinumin mo?" sermon niya.

Napatawa si Ashton. "Very funny!" anito while poking Kirsten on the ribs. "Teka nga," patuloy nito, "bakit ka ba concerned kung ma-dehydrate ako? Mabuti pa samahan mo na lang akong uminom."

"No, thanks! Why don't you ask the guys to drink

with you na lang? Mukha ba akong tomadora?" pabirong tanong niya.

Ashton stopped and turned her to face him, looked at her from head to foot and shook his head. "Nope, hindi ka mukhang tomadora, but you sure could use a couple of beers to loosen up!" ngingisi-ngising sagot nito.

Kirsten planted her hands on her trim hips and glared at him jokingly. "And what's that supposed to mean? Boring ako? Bakit lagi mo akong kinukulit kung sa palagay mo'y hindi pala ako masarap na kasama?" she asked challengingly.

Casually, inakbayan siya nito na para bagang araw-araw na nitong ginagawa iyon. "Of course not, I don't find you boring. Ikaw na nga nagsabi na lagi kitang kinukulit, di ba? And that's because I actually enjoy your company."

# 4

Kinabukasan habang pabalik na sa Middle East ang flight nila, tinutulungan ni Ashton si Kirsten na magligpit sa galley. Hindi man madalas na magtanong sa mga babae kung ano ang ginawa ng mga ito sa nagdaang araw, natagpuan na lamang ng binata ang sarili na nagtatanong.

"Not much. Pagdating ko sa room, I called my parents then I went for a swim, had my dinner then went to sleep."

"Tell me something, Kirsten. Are you afraid of me? Did I scare you yesterday?"

Natigil siya sa pagpupunas ng coffee pot and looked strangely at him. "Afraid of you? Bakit naman ako matatakot sa 'yo?"

For the first time in his life, Ashton was at a loss for words. Bakit tila apektado siya na hindi sumama sa kanya si Kirsten kung mag-isa lang naman pala ito sa hotel nang nakaraang araw? Why did he have to open his big mouth and ask her a stupid question? He was just flirting with her, right? It's not like he's after a relationship or anything, so why

was he wondering all of a sudden kung natakot ang dalaga sa aggressiveness niya kahapon?

"Well? Magpapaliwanag ka ba o tutunganga na lang sa akin?" tanong niya habang nakataas ang kilay na nakatingin kay Ashton.

"Uhm… kasi baka masyado mong sineryoso 'yung mga pagbibiro ko sa 'yo kahapon. Baka kaya hindi ka sumama sa amin kahapon kasi natatakot ka na I'd make a pass at you," he explained while looking at his shoes to hide his embarrassment.

He heard her musical laughter. "Ako? Natatakot sa 'yo? Hindi, 'no! I just want to be by myself and besides, bakit ko naman seseryosohin 'yung pagbibiro mo kahapon? I do know you have a reputation."

That piece of information abruptly made Ashton look at her again. "What exactly do you know about my reputation?" he asked cautiously.

"Just that your relationships with women tend to end faster than the speed of light and that you don't date Filipina women. So that being said, I don't find any reason to be scared of you," she said matter-of-factly. Nakahinga siya nang maluwag nang makita niyang na-distract ang kausap sa mga sinabi niya dahil ang katotohanan ay medyo naaalarma siya sa

epekto ng harmless flirtation nito sa kanya. Nag-aalala siya na baka mahalata nito na she was slightly affected by his charm.

What she said brought him to his senses and his usual sleek self. "Ah… the grapevine, news does travel fast. I'm glad to hear that you didn't take me seriously yesterday."

Tahimik silang nagtrabaho matapos ang pag-uusap na iyon. Nagsimulang bumaba sa ere ang eroplano. Natagpuan ni Ashton ang sarili na iniisip ang dalaga; hindi niya maiwasang mainis sa sarili dahil natuklasan niyang mahalaga para sa kanya ang anumang iniisip nito tungkol sa kanya. To make matters worse, he didn't have an effect on her. Actually, she seemed not to be affected by him at all.

*You've been thinking way too much, Ash,* sabi niya sa sarili. *Siguro na-challenge ka lang dahil you got used to women who couldn't resist you*, he rationalized. Nang mag-on na ang ilaw ng 'Fasten Seat Belt' sign, naupo na sa tabi niya si Kirsten and he became very conscious of her presence.

"It has been a pleasant flight, don't you think?" she said conversationally.

"Yes," he replied with a smile. "Hey, why don't

we exchange numbers so we could… you know maybe hang out sometime. Pag off mo we could go to this new place sa city, I heard kaka-open lang ng *Applebees* d'un," sabi niya habang binale-wala ang sarili niyang rule pagdating sa pakikipag-date sa mga mga kasamahang Pinay.

Kirsten looked at him blankly. *Bakit ngayon hinihingi nito ang number ko?* No way, I won't give him more opportunity to wreak havoc in my perfectly organized life. She had mastered the art of dodging would-be dates sa mga crew by gently refusing to give them her number. "Ha? Baka magkasawaan tayo ng mukha niyan. Lagi na nga tayong magkasama sa flight; pag pati rest days magkasama pa tayo, baka magkapalit na tayo ng mukha. Lugi naman ako," nagpapatawang sabi niya.

Ashton's pride took a huge blow. *Ayaw ibigay ang number niya? Feeling naman nito stalker ako!* He fixed an artificial smile on his face that doesn't quite reach his eyes. "Oo nga. Uy, correction; ako ang lugi pag nagkapalit tayo ng mukha!" sagot niya while trying desperately to keep the irritation out of his voice.

Kirsten began feeling uncomfortable. Buti na lang kailangan niyang pumunta sa harapan to bid

the passengers goodbye, at least, she wouldn't have to spend another awkward minute with Ashton.

Pagdating sa briefing room ay nagpasalamat siya sa binata sa pagtulong sa kanya sa flight.

"No problem, see you around." He gave her a curt nod at lumayo na ito sa kanya.

Halos mapanganga si Kirsten sa ginawa nito. Nasaan na ang palabiro at makulit na Ashton na katrabaho niya kani-kanina lang? *Okay, I guess akala niya maidadagdag niya ako sa collection niya,* sabi niya sa sarili. *Good riddance!*